# NUKSO NANG NUKSO (1959) | Theme Song (by Pugo & Bentot)

**TITLE: Nukso Nang Nukso**
TYPE: Movie Song
YEAR RELEASED: 1959
Music: Leopoldo "Polding" Silos
Lyrics: Levi Celerio
PERFORMERS: Pugo (as Mang Nano) Bentot (as Bitoy)
(with a bit player who plays role of a concerned neighbor)

LYRICS:
Nasan ang pangako mong magpapakabuti
Habang pinagbibigyan lalong nawiwili

Lagi nang nagagalit itong aking dadi
At laging minumura ang kawawang beybi

Kay tanda mo na ay beybi ka pa!
Ang aking paa tunay hong mahina pa
Dapat ay sinisisi at 'yan ho ang mabuti
Isip kong tíkitíki, O tikitik - itik!

Ang batang katulad mo'y kunsimisyon lamang
Mana ka sa tatay mo kung nangangatwiran

Bakit ba n'yo Mang Nano pinapagalitan
ang batang-batang paslit at wala pang malay

E, papano ho utos nang utos
at nagagalit 'pag minsa'y di nasunod
Kilos mo'y pambubwisit at ligid ka nang ligid
Lakad mo'y itik-itik na nakabubwisit

Nasan ang pangako mong magpapakabuti
Habang pinagbibigyan lalong nawiwili

Lagi nang nagagalit itong aking dadi
At laging minumura ang kawawang beybi

Kay tanda mo na ay beybi ka pa!
Ang aking paa tunay hong mahina pa
Dapat ay sinisisi at 'yan ho ang mabuti
Isip kong tíkitíki, O tikitik - itik!

Kilos mo'y pambubwisit at ligid ka nang ligid
Lakad mo'y itik-itik na nakabubwisit (tama ka na!)

... na nakaiinis (ooh, susmaryosep!)
... na nakabubwisit (tama ka na!)
... na nakaiinis(tama ka na!)
... na nakabubwisit (tama ka na!)
... na nakaiinis(tama ka na!)

Lalaban ka uhmm!
(Cheeky Bentot cries)
Pop!